# PANANAW NG MGA MAG-AARAL SA MAHALAGANG AMBAG NG WIKANG FILIPINO SA PAMBANSANG IDENTIDAD

Isang Pananaliksik na Iniharap sa

College of Education

Misamis University

Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan

ng mga kinakailangan sa Titulong

Bachelor of Secondary Education

Major in Filipino

nina

**Maddelen R. Aljo**

**Cherlyn Mae P. Benitez**

**Mayo 2024**

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **"PANANAW NG MGA MAG-AARAL SA MAHALAGANG AMBAG NG WIKANG FILIPINO SA PAMBANSANG IDENTIDAD"** ay inihanda at ipinasa nina Maddelen R. Aljo at Cherlyn Mae P. Benitez bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
**Tagapayo**

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may gradong __*Pasado*__.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Chairman

**JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd**
Kasapi

**CHLOE R. ADORNA, EdD**
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Dean, College of Education

Date : July 2024

**PAGKILALA**

Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos ang tagapayo, sa kanyang walang sawang suporta, matalinong paggabay, mahahalagang mungkahi, at mga kinakailangang probisyon na naging susi sa matagumpay na pagkabuo ng pananaliksik na ito. Malaking ambag din ang kanyang kaalaman at kahusayan sa pagsusuri ng mga datos.

Kay G. Joenard L. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Chloe R. Adorna, sa kanyang pagbibigay ng suporta, mahalagang komento at motibasyon.

Sa mga respondente, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

## PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay
sa Poong Maykapal na nagbigay ng kaalaman at karunungan;
ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na suporta, inspirasyon,
at pag-unawa upang maabot ang lahat ng aming mga pangarap; sa aming mga
kaibigan at kaklase, para sa laging pagsama, panghihikayat, at pag-unawa
upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito.

***Maddelen & Cherlyn Mae***

## ABSTRAK

Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang wika, ito ay isang simbolo ng pagkakakilanlan, pagkakaisa sa bayan. Ang pag-aaral na ito'y mahalaga sa mga pananaw ng mga mag-aaral sa mahalagang ambag ng wikang Filipino sa pambansang identidad. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay *descriptive correlational*. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 180 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ikasampung baitang ng Junior High School na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Gumamit ang mananaliksik ng limang puntong *likert-scale questionnaire* bilang instrumento sa pagtitipon ng mga datos. Natuklasan sa pananaliksik na ito nasa mahusay na lebel ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ang antas ng pambansang identidad ng mga mag-aaral ay nasa lebel na mahusay. May makabuluhang kaugnayan ang pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at antas ng pambansang identidad ng mga mag-aaral. Ang kanilang pagpapahalaga sa wikang Filipino at kasaysayan ay sumasalamin sa matatag na pagkakakilanlan at pagkakaisa bilang mga Pilipino, na nagsisilbing mahalagang bagay sa pagpapatibay ng pambansang kamalayan at sa patuloy na pag-unlad ng lipunan. Inererekomenda ng pag-aral na ang mga guro ay hinihikayat na pagyamanin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa pambansang identidad sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa kasaysayan, kultura, at wikang Filipino.

*Mga susing salita: pambansang identidad, wikang Filipino*

## TALAAN NG NILALAMAN


| | | Pahina |
|---|---|---|
| PAMAGAT | | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | | ii |
| PAGKILALA | | iii |
| PAGHAHANDOG | | iv |
| ABSTRAK | | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | | vi |
| TALAAN NG PIGURA | | viii |
| 1 | PANIMULA | 1 |
| | Teoretikal na Balangkas | 5 |
| | Konseptuwal na Balangkas | 7 |
| | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral | 11 |
| | Layunin ng Pag-aaral | 12 |
| 2 | PAMAMARAAN | 13 |
| | Pamamaraang Ginamit | 13 |
| | Pananaliksik ng Pangkapaligiran | 13 |
| | Pinanggalingan ng Datos | 14 |
| | Instrumentong Ginamit | 14 |
| | Pagtitipon ng Datos | 15 |
| | Isinaalang-alang na Etika | 16 |
| | Pag-aanalisa  mga Datos | 16 |

3 RESULTA AT TALAKAYAN . . . . . . 18

Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pambansang Identidad . . . 18

Antas ng Pambansang Idenitdad ng mga Mag-aaral . . . . 20

Kahalagahan sa pananaw ng mga mag-aaral
sa Wikang Filipino at ang antas ng kanilang
kasanayan sa pambansang idenitdad . . . . . . 22

4 LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT
REKOMENDASYON . . . . . 25

Lagom . . . . . . . . . 25

Mga Natuklasan . . . . . . . . . 25

Konklusyon . . . . . . . . . 26

Rekomendasyon . . . . . . . . 27

TALASANGGUNIAN . . . . . . . 30

APENDIKS

Apendiks A – Talatanungan . . . . . . . 34

Apendiks B – Informed Consent Form . . . . . 37

Apendiks C – Kapahintulutan ng Magulang . . . . . 38

Apendiks D – Letter of Request . . . . . . 39

CURRICULUM VITAE . . . . . . . 40

# TALAAN NG TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Pananaw ng mga mag-aaral sa Pambansang Identidad. . . . | 18 |
| 2 | Antas ng Pambansang Identidad ng mga Mag-aaral . . . . | 20 |
| 3 | Kahalagahan sa pananaw ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino at ang antas ng kanilang kasanayan sa Pambansang Identidad . . . . . . | 22 |

## TALAAN NG PIGURA

| | Pigura | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . . . . . | 11 |

## Kabanata 1

## PANIMULA

Ang pagkakaroon ng wikang pambansa ay nagbigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan at tulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang aspeto sa isang bansa. Sinang-ayunan ni Mella (2015), responsibilidad ng bawat isa na pangalagaan at pagyamanin ang wika, hindi kailangan na naisasakripisyo ang wastong gamit o paggamit nito dahil ito ay susi sa matibay na pagkakabuklod-buklod ng bawat isa. Ang pagkakaisa ng bansa ay napapabuti at napapalakas sa pamamagitan ng paggamit ng wika. Binanggit ni Sirbu (2015) ang pagkakakisa ng bansa sa wika lalo na sa pakikipagtalastasan o pagkakaroon lamang ng isang wika sa pakikipag-usap ay makakatulong sa pagkakaintindihan at pagbubuklod-buklod o pagiging isa ng nasyon.

Sa kasalukuyan, kapansin-pansin na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng magkakaibang pananaw hinggil sa mahalagang ambag ng wikang Filipino sa paghubog at pagpapatatag ng pambansang identidad ng mga Pilipino. Pinaniniwalaan ni **Esteron (2020)** na ang wikang Filipino ay may malaking papel sa paglinang ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral at sa pagpapatibay ng kamalayang makabansa. Mula sa isang ekolohikal na pananaw, ang identidad ay tumutukoy sa mga natatanging pananaw at gawi ng isang indibidwal o grupo na nasasalamin sa kanilang paraan ng pakikipag-usap, pag-uugali, pagsusulat, pagkain, at pananamit (Stibbe, 2015). Ang identidad ng tao ay nahuhubog hindi lamang sa kanyang pagkatao kundi rin sa impluwensya ng kapaligiran, kultura, at paraan ng pamumuhay. Ang konsepto ng pagkakakilanlan, mula sa pananaw na sikososyolohikal, ay nakabatay sa ideya na ito ay hindi lamang isang bagay na taglay ng tao, kundi isang

aspeto ng pagkatao na patuloy niyang hinuhubog sa pamamagitan ng kanyang mga kilos at karanasan (Vertuyken 2018).

Binago ng wika ang ating pagkakakilanlan at ang iba't ibang anyo ng lengguwaheng ating ginagamit na siyang humuhubog sa ating identidad. Sa pag-aaral na isinagawa ng Chuka University sa Kenya, napansin na ang identidad ay dinamiko, dumadami, kahit na ito'y magkasalungat kinikilala parin ito ng isang tao sa sarili at ang relasyon sa mundo dahil sa patuloy na pagbabago (Darvin, 2016). Ang pagkakakilanlang pangwika ay patuloy na nagbabago at umuunlad batay sa karanasan at pakikisalamuha ng isang tao, kaya't ito ay itinuturing na isang tuloy-tuloy na proseso ng paghubog ng identidad ( Hozahabrossadat, 2015 ). Nagbabago ang karanasan at ugnayan ng isang tao sa iba, kasabay din nitong nagbabago ang kanyang paraan ng paggamit ng wika at pagbuo ng sariling pagkakakilanlan.

Maraming mga pananaw o opinyon sa bagong larangang ito na ang wika at kultural na identidad ay may magkaugnay na relasyon, kung saan ang pag-unlad sa isa ay nakaaapekto at nakatutulong din sa paglinang ng isa pa. Sinang-ayunan ni Trofiimovich (2015), na mayroong pabalik-balik na ugnayan sa pagitan ng kultural ng identidad at pag-aaral ng wika, na nangangahulugang may potensyal na mga koneksyon ang nagaganap sa parehong direksyon. Ayon kay Godwin-Jones (2018), ang wika ay mahalaga sa pagpapalagaap ng identidad bilang isang midyum na kung saan ito ay binubuo bilang isang simbolo. Pinagtutunan nito kung paano nagagamit ang wika sa pagpapatibay ng ating pagkatao at ugnayan sa iba.

Sa Pilipinas, ayon kay Arocha (2016), ang wika ay maituturing pinakababisang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon ng ating kapwa. Malaki ang papel na

ginagampanan ng wika at hindi lamang ito nakatuon sa kultura at identidad ng ating bansa, ginagamit rin ito bilang midyum sa pagtuturo. Binigyang-diin ni Gube (2015) na ang mga mag-aaral sa Pilipinas na nagmumula sa iba't ibang etnikong pangkat ay nakararanas ng hamon sa pagbuo ng kanilang pagkakakilanlan, at malaki ang ginagampanang papel ng wika sa prosesong ito. Ang wika ay nagbabago sa paglipas ng panahon na maaaring makalimutan ang orihinal nitong gamit. Binanggit ni Mangyao (2016) ang wika ay pabago-bago o patuloy na nagkakaiba-iba dahil sa katagalan ng panahon, ito ang nagiging sanhi ng pagkalimot o hindi paggamit ng natural na anyo ng wika. Gayunpaman, sa pagpapahalaga at pagtangkilik ng sariling atin, nag-aambag ang mga mag-aaral sa pagpapanatili ng ating wika at pagkilala sa natatanging pagkakakilanlan ng iba't ibang komunidad sa bansa.

Gamit ang wika, naipapahayag ng isang indibidwal ang kanyang pag-unawa sa sariling kultura, lipunan, bansa, at pagkakakilanlan. Ayon kay Svetin (2022), ang wika ay nagsisilbing kasangkapan na humuhubog at minsan ay nagbabago sa pagkakakilanlan ng isang tao, dahil sa pamamagitan nito naipapahayag niya ang kanyang personal, pambansa, at panlipunang identidad, pati na rin ang ugnayan niya sa kultura at lipunan. Ito ay nagpapakita ng mahalagang pananaw sa kung paano ang **istruktura ng lipunan at kapangyarihan** ay nakakaapekto sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal. Binanggit nina Bergkamp et.al (2022), ang sosyal na prebilehiyo ay **hindi patas na kalamangan** na nakaugat sa kapangyarihan ng isang grupo laban sa iba, at ito'y may malaking epekto sa pagkakakilanlan at relasyon ng tao sa lipunan.

Sa Misamis University , Lungsod ng Ozamis , naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa kakulangan sa pag-aaral na kinakailangan upang

lubos na maunawaan ang ambag ng wikang Filipino sa pambansang idenitidad. Isinagawa ang pananaliksik na ito  dahil nais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahalagahan ng wikang Filipino sa paghubog ng kamalayan sa pambansang pagkakakilanlan at upang matukoy ang antas ng kaalaman ng mga kabataan sa epekto at kaugnayan sa pag-unlad ng pambansang identidad.

**Teoritikal na Balangkas**

Ang sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbatayan ng pag-aaral na ito: *Cultural Identity Negotiation Theory* ni Stuart Hall (1996) at *Social Identity Theory* nina Taijfel at Turner (1970). Ang mga teoryang ito ay angkop sa pag-aaral tungkol sa paghubog, pag-unawa, at paglinang ng pagkakakilanlang kultural at panlipunan ng mga mag-aaral sa konteksto ng paggamit ng wikang Filipino.

Ayon sa *Cultural Identity Theory* ni Stuart Hall (1996), ang kultural na identidad ay hindi nasusukat sa iisang aspekto lamang, kundi nasasalamin din sa iba't ibang impluwensiya at katayuang panlipunan. Para kay Hall, ang pagkakakilanlan ay hindi isang likas o permanenteng katangian, bagkus ito ay isang dinamikong proseso na hinuhubog ng wika, kasaysayan, at iba pang salik. Ipinapahayag niya na ang kultura na identidad ay unti-unting nabubuo sa pamamagitan ng interaksyon ng indibidwal sa iba't ibang kultura. Dagdag pa rito, binibigyang-diin ni Hall na ang kultural na identidad ay hindi lamang nakasentro sa pulitikal, sosyal, at ekonomikong aspeto, kundi kabilang din ditto ang mga ideolohiya, teoritikal na pananaw, at ugnayang panlipunan na may malaking epekto sa paghubog ng pagkatao bilang kasapi ng isang kultura.

Ang mga pagpapahayag ng kultura ay may ugnayan sa mga paniniwala at relihiyon, na siyang nagpapalalim sa kabuuang karanasan at nagbibigay ng natatanging kultural na pagkakakilanlan (Edmonds & Turner, 2018). Ang mga paniniwalang ito ay may mahalagang papel sa paghubog ng kultural na pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagpapatibay ng pagkakaisa, pagbabahagi ng mga pinahahalagahang halaga, at pagbuo ng kolektibong alaala sa loob ng mga relihiyosong komunidad (Gifford, 2019). Ang mga tradisyon at kaugalian ay may mahalagang papel sa paghubog ng kabuuang kultural na

pagkakakilanlan, sapagkat nagsisilbi ito bilang pundasyon ng mga panlipunang gawi, pagpapahalaga, at pananaw ng isang komunidad (Tsui & Tollefson, 2017). Gayunpaman, ang kultura ay hindi nasusukat sa laki o sa edad nito bata man o matanda, nagbago man o nanatiling pareho. Sinang-ayunan ni Gamsakhurdia (2022), ang bawat kultura ay may maituturo sa atin tungkol sa ating sarili, sa iba, at sa pandaigdigang komunidad.

Ipinapakita nito na ang pagkakakilanlan, lalo na ang kultural na identidad, ay konektado sa wikang Filipino, dahil sa pamamagitan nito naipapahayag, nahuhubog, at nauunawaan ang kultura, tradisyon, at paniniwala ng bansa, at patuloy nitong pinananatili ang mga tradisyon at kaugalian, samantalang ang pagkawala ng wika ay nagreresulta rin sa pagkawala ng bahagi ng ating kultural na pagkakakilanlan.

Ang *Social Identity Theory* nina Tajfel at Turner (1970), tumatalakay kung paano tinutukoy ng mga indibidwal ang kanilang sarili batay sa kanilang pagiging kasapi sa isang grupo, tulad ng nasyonalidad, relihiyon, o antas panlipunan. Naniniwala sina Tajfel at Turner, ang sosyal na pagkakakilanlan ay nabubuo hindi lamang sa personal na katangian kundi sa pagiging miyembro ng isang pangkat, kung saan inuuri ng mga indibidwal ang sarili at ang iba batay sa mga pinagsasaluhang katangian tulad ng etnisidad, relihiyon, at pambansang pinagmulan. Kasabay ng pagpili at paggamit ng wika, nakakatulong ang mga sosyal na interaksyon sa pagbuo at paghubog ng iba't ibang anyo ng identidad (Bilewicz et al., 2020).

Kabilang dito ang mga taong may parehong edad, pamilya, kaibigan, at maging mga katrabaho (Bartels et al., 2019). Upang mapanatili ang kasiyahan at katatagan sa sosyal na pagkakakilanlan, nakikilahok ang mga tao sa iba't ibang proseso at estratehiya

(Martiny & Rubin, 2016). Samantala, ang pagtamo ng mas pantay at inklusibong lipunan ay nangangailangan ng kolaborasyon sa pagitan ng mga organisasyon, dahil limitado ang kaalaman at mapagkukunan ng mga indibidwal o kumpanya upang makamit ito nang mag-isa (Sharma, 2020).

Ang pagkakakilanlan ng isang tao ay nabubuo batay sa kanyang pagiging bahagi ng iba't ibang grupo sa lipunan. Ang mga grupong ito ay may malaking impluwensiya sa kanyang mga pananaw, asal, at pakikipag-ugnayan sa iba.

**Konseptual na Balangkas**

Ang wikang Filipino ay pangunahing elemento o sangkap sa pagbuo at pagpapahayag ng identidad ng isang indibidwal o bansa. Ito ay nagsisilbing daan upang ating mauunawan ang ugnayan ng wika, kultura ,at pagkakakilanlan. Sa wikang Filipino, naipapahayag at nauunawaan ang mga kwento ng mga bayani at mga pangyayaring humubog sa kasaysayan ng bansa. Ayon sa pag-aaral ni Almario (2021), mahalaga ang Filipino bilang tagapag-ingat ng ating kolektibong alaala bilang isang bansa. Ang kultura at tradisyon ay mahalagang gabay sa araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino. Kabilang dito ang wika, paniniwala, kasuotan, pagkain, at kaugalian na sumasalamin sa ating pinagmulan. Sa patuloy na pagbabahagi nito, naipapasa natin ang mahahalagang aral sa ibang tao at sa susunod na henerasyon. Ang wika ang nagsisilbing lalagyan ng ating mga tradisyon, panahon man ng lumang henerasyon o ng mga kabataan ngayon (Nepomuceno, 2021).

Sa paggamit ng wika sa sining at panitikan ay isang pangunahing paraan upang maipakita ang malikhaing pag-iisip at emosyon ng tao. Binanggit nina Saavedra at Barredo

(2020), ang kasanayan sa pagsulat sa Filipino at Ingles ay nakaaapekto sa paglikha at pag-unawa sa sining at panitikan. Bukod dito, ang wika ay tumutulong sa pagpapanatili at pagpapalalim ng kulturang Pilipino at pagkakakilanlan. Ayon kay Cariño (2020), ang pagpapanatili ng wikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapatibay ng kultural na identidad at pagpapahalaga sa tradisyon at paniniwala ng Pilipinas. Ang wikang Filipino ay ginagamit sa social media upang ipahayag ang saloobin, emosyon, at pananaw, na nagpapakita ng malikhaing aspeto ng identidad (Marbella at Estera, 2021). Sa ganitong paraan, ang wika ay hindi lamang nagiging midyum ng personal na ekspresyon kundi nagsisilbi ring paraan ng pagpapanatili at pagpapalalim ng kulturang Pilipino.

Ang epektibong paggamit ng Wikang Filipino ay mahalaga sa pagkakaisa ng bansa, lalo na sa pagbabahagi ng kaalaman, pananaw, at kultura (Erezo at Sagala, 2021). Sa tamang komunikasyon, nagkakaintindihan ang bawat isa dahil naipapahayag nang maayos ang damdamin at ideya. Ayon kay Dela Cruz (2022), ang wikang Filipino ay daan hindi lang sa usapan, kundi sa tunay na pakikiramdam at pakikibahagi sa isa't isa. Ang kahalagahan sa pambansang kaunlaran ay nakikita sa kontribusyon ng edukasyon, wika, at kultura sa pag-unlad at pagpapabuti ng buhay ng mamamayan at lipunan. Sinang-ayunan nina Tadifa et.al., (2021), ang wika at pandiskursong estratehiya sa Buwan ng Wika ay mahalaga sa pagpapalakas ng pambansang kaunlaran at identidad**.** Ang isang bansa ay mas umuunlad kapag ang mga mamamayan ay may sapat na kaalaman at kasanayan. Ang kaalaman at kakayahan ng mamamayan sa mga larangan ay nakakatulong sa paglikha ng mga produkto, serbisyo, at solusyong makakabuti sa lipunan (Edralin at Pastrana, 2023).

Ang aktibong pakikilahok sa kultura at tradisyon ay isang konkretong pagpapakita ng paggalang sa kasaysayan at pinagmulan ng isang komunidad. Ang ganitong uri ng partisipasyon ay nagsisilbing tulay upang mapanatili ang pagkakaisa, mapalalim ang ugnayan ng mga mamamayan at mahalagang salik sa pagpapatatag ng pagkakabuklod ng isang lipunan (Ahn et.al., 2023). Mahalaga ang pagpapahalaga sa sining at panitikan dahil ito ang nagsisilbing salamin ng ating pagkakakilanlan at kultura. Sa pamamagitan ng sining at panitikan, naipapahayag at naipapasa natin ang mga kwento, damdamin, at tradisyon ng ating mga ninuno (Hussin, 2020). Ang aktibong pakikilahok sa pamayanan at ang pagiging responsableng mamamayan ay nakakatulong upang mapanatili ang kaayusan at isulong ang pag-unlad ng lipunan.  Ayon kay Pasamonte (2024), ang pakikilahok sa lokal na pamahalaan ay nagpapalakas ng inklusibong pamamahala na may pananagutan, pagiging bukas sa pamamaraan (transparency), at aktibong partisipasyon.

Ang kasanayan sa paggamit ng wika ay isang mahalagang bahagi ng komunikasyon at ng epektibong pakikipag-ugnayan sa lipunan. Sa wastong paggamit nito, naipapahayag nang malinaw at maayos ang mga ideya, damdamin, at kultura ng isang indibidwal. Binanggit nina Asmad et al., (2024), ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita ng kanilang kasanayan at malasakit sa pagpapabuti ng kanilang paggamit ng wika. Ayon kay Reyes (2022), ang tunay na patriyotismo ay nakikita sa mga gawa ng bawat mamamayan na nagpapakita ng malasakit at pagkakaisa para sa ikabubuti ng bansa, lalo na sa harap ng mga hamon ng makabagong panahon. Ang patriyotismo ay pagmamahal sa bansa at pagsasabuhay ng mga halaga tulad ng katapatan, responsibilidad, at paggalang sa batas at karapatang pantao na nagpapatibay sa pagkakaisa at pagkilala sa ating kultura.

Ang pagsusuri sa mga hamon at aspirasyon ay susi upang makabuo ng mga epektibong hakbang tungo sa mas matatag na bansa. Sinang-ayunan ni Dr. Arevalo (2023) na ang pag-asa ng bayan ay nakasalalay sa pagpapaunlad ng mga programang nakatuon sa kabataan at pagsulong ng teknolohiya, bilang tugon sa mga hamon at pagsulong ng aspirasyon ng bansa tungo sa sustainable development. Ang Wikang Filipino ay mahalaga sa pag-develop ng pambansang identidad dahil ito ang nagbubuklod sa mga mamamayan at nagsisilbing daluyan ng kultura, kasaysayan, at mga pagpapahalaga ng bansa. Binanggit ni Bautista (2021), ang Wikang Filipino ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa iba't ibang sektor ng lipunan, kaya't mahalaga ang pagpapaunlad nito upang mapanatili at mapalaganap ang pambansang identidad. Ang wika ay isang mahalagang instrumento sa paghubog ng pambansang identidad ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng nito, naipapahayag ng mga Pilipino ang kanilang kultura, kasaysayan, at mga karanasang nagbubuklod sa kanila bilang isang nagkakaisang bansa.

**Pananaw ng mga Mag-Aaral sa Wikang Filipino**

1. Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Kasaysayan
2. Pamamahagi ng Kultura at Tradisyon
3. Paggamit ng Wika sa Sining at Panitikan
4. Pambansang Pagkakakilanlan
5. Kahalagahan sa Komunikasyon at Ugnayan sa Kapwa
6. Kahalagahan sa Pambansang Kaunlaran

**Antas ng Pambansang Identidad ng mga Mag-Aaral**

1. Kaalaman sa Kasanayan ng Bansa
2. Pakikilahok sa Kultura at Tradisyon
3. Pagpapahalaga sa Sining at Panitikan
4. Pakikilahok sa Pamayanan at Pagiging Responsible sa Bansa
5. Kasanayan at Paggamit ng Wika
6. Mga Halaga, Etika ng Patriyotismo
7. Pagsusuri sa mga Hamon at Aspirasyon ng Bansa
8. Wikang Filipino Gamit sa Pagdebelop ng Pambansang Identidad

Pigura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

**Layunin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa mahalagang ambag ng Wikang Filipino sa pambansang identitad sa departamento ng *College of Education* ng pribadong institusyon ng Misamis Occidental. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino,
2. Natutukoy ang antas ng pambansang identidad ng mga mag-aaral,
3. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at antas ng kanilang kasanayan sa pambansang identidad

# Kabanata 2

# PAMAMARAAN

## Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit & Hungler, 2013). Sa pamamagitan na ito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga Pananaw ng mga mag-aaral sa mahalagang ambag ng wikang Filipino sa pambansang identidad.

## Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong paaralan ng institusyong pang-edukasyon sa lalawigan ng Misamis Occidental noong taong panuruan 2024-2025. Ito ay isang pribadong pag-aari at bukas sa lahat ng relihiyon. Tumatanggap ito ng mga mag-aaral mula elementarya hanggang kolehiyo, *Law* at *Graduate Studies.* Ito ay matatagpuan sa Hilarion T. Feliciano Street, Aguada Ozamis City. Ginawaran ng Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation (PACUCOA) bilang isa sa mga institusyon na may pinakataas na bilang ng mga *accredited programs.* Ang pribadong paaralan na nabanggit ay ginawaran ng *Autonomous* na katayuan ng *Commission on Higher Education (CHED)*

**Pinanggalingan ng Datos**

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 180 na mag-aaral mula sa College of Education ng isa sa pribadong institusyon ng Misamis Occidental, na pinili gamit ang stratified random sampling mula sa unang taon hanggang ikaapat na taon ng kanilang pag-aaral.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

***A. Talatanungan sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino.***

Ang pangangalap ng mga datos mula sa mga respondente tungkol sa mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ambag ng wikang Filipino sa Pambansang identidad at sa pamamahitan ng isang *survey*. Sa pag-aaral na ito, ang gagamiting talatanungan ay sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang mga eksperto sa kwantitatibong pananaliksik ay hinihiling na gawin ang *content validity test* upang mabuo ang gabay na katanungan sa panayam. Ang mga katanungan ay isinailalim muna sa *pilot test* bago isinagawa ang pag-aaral upang masuri ang kalinawan at upang matiyak na makuha nito ang kinakailangan na impormasyon.

Para matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral sa mahalagang ambag ng wikang Filipino sa pambansang identidad, ginamit ang iskala sa ibaba.

| **Mga Tugon** | **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5 - Palagi | 4.51 – 5.00 | Lubos na Mahusay |
| 4 - Madalas | 3.51 – 4.50 | Mahusay |
| 3 - Minsan | 2.51 – 3.50 | Katanggap-tanggap |
| 2 - Bihira | 1.51 – 2.50 | Di-Gaanong Mahusay |
| 1 – Hindi Kailanman | 1.00 – 1.50 | Hindi Mahusay |

***B. Antas ng Pambansang Identidad sa Wikang Filipino.***

Ito ay isang instrumento na ginawa ng mananaliksik na may limang paraan sa pagbibigay ng puntos. Ginamit ang isang rubrik o pamantayan para bigyan ng iskor ang kritikal at aplikasyon na ang sagot.

Ito ay naglalaman ng sariling opinyon at kinakailangan ng obhetibong paraan sa pagbibigay ng puntos.

| **Mga Tugon** | **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5 - Palagi | 4.51 – 5.00 | Lubos na Mahusay |
| 4 - Madalas | 3.51 – 4.50 | Mahusay |
| 3 - Minsan | 2.51 – 3.50 | Katanggap-tanggap |
| 2 - Bihira | 1.51 – 2.50 | Di-Gaanong Mahusay |
| 1 – Hindi Kailanman | 1.00 – 1.50 | Hindi Mahusay |

**Pagtitipon ng mga Datos**

Bago ang pagbibigay ng talatanungan at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Junior High School para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Bago isinagawa ang sarbey, ang mga mananaliksik ay isinagawa ang *informed assent* na proseso, kung saan ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan na gagamitin, at kung paano ang pagtitipon at pagsusuri ng datos. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga pananaw ng mga mag-aaral sa mahalagang ambag ng wikang Filipino sa pambansang identidad sa Junior High School.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga respondente ay pinili at ang mga pangalan ay hindi maitatala sa alinman sa mga material na gagamitin sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal.

Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Gamit ang Minitab Software, ginamit sa pag-aaral ang mga sumusunod na instrumento sa pagsusuri ng mga nakalap na datos:

Ginamit ang *Mean* at *Standard Deviation* upang masukat at matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa pambansang identidad. Sa pamamagitan ng mga estadistikang ito, naipakita ang pangkalahatang antas ng pagkilala at pagpapahalaga ng mga estudyante sa kanilang pambansang identidad. Nakapagbigay din ito ng malinaw na larawan kung paano naiintindihan at nararamdaman ng mga mag-aaral ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Ginamit ang *Pearson Product Moment Correlation Coefficient* at *Stepwise Multiple Regression Analysis* upang masuri ang kahalagahan ng pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang antas ng kanilang kasanayan sa pambansang identidad.

## Kabanata 3

## RESULTA AT TALAKAYAN

### Pananaw ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino

Ipinakita sa talahanayan 1 ang kabuuan ng pananaw ng mga mag-aaral sa pambansang identidad ay (M= 4.01; SD= 0.63). Ang anim na baryabols ay nasa antas na Mahusay: Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Kasaysayan (M=4.04; SD=0.75), Pamamahagi ng Kultura at Tradisyon (M=3.92; SD=0.81), Paggamit ng Wika sa Sining at Panitikan (M=3.98; SD=0.79), Pambansang Pagkakakilanlan (M=4.02; SD=0.79), Kahalagahan sa Komunikasyon at Ugnayan sa Kapwa (M=3.95; SD=0.77), Kahalagahan sa Pambansang Kaunlaran (M=4.16; SD=0.75).

Malinaw na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa Wikang Filipino sapagkat kinikilala nila ito bilang isang mahalagang salik sa kanilang personal na paghubog at bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino. Ipinakita ng datos na ang Wika ay hindi lamang nakikita bilang kasangkapan ng komunikasyon kundi bilang makapangyarihang daluyan ng pakikipag-ugnayan, pagpapayaman ng kultura at sining, at pagpapatatag ng pambansang identidad. Gayunpaman, ipinahihiwatig ng mga resulta na nararapat pang paigtingin ang pagpapahalaga sa makasaysayang pinagmulan ng wika upang higit na malinang ang mas malalim at komprehensibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuluhan nito sa kasalukuyan at maging sa hinaharap..

Ang Wikang Filipino ay nagsisilbing pangunahing pundasyon ng pagkakakilanlan. Alinsunod kina Reyes et al. (2022), ito ay hindi lamang nagpapadali ng pag-unawa sa mga masalimuot na paksa kundi nagpapatibay din ng ugnayan sa pambansang identidad. Sinang-ayunan ito ni Shahrebabaki (2018) na nagsabing ang wika ay isang haligi ng

pagkakakilanlan. Samantalang idinagdag nina Becht et al. (2021), na ang identidad ay nahuhubog sa pang-araw-araw na karanasan at ugnayang panlipunan. Kaya't kinakailangan nating pahalagahan ang wika, sapagkat higit pa ito sa mga salitang binibigkas, ito ay buhay na patotoo kung sino tayo bilang Pilipino.

Nakapaloob sa kabuuan ng resulta na kapansin-pansin ang positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wikang Filipino sa pagpapatibay ng ugnayan sa sarili, kapwa, at sa bayan. Higit pa sa pagiging simpleng wika ng komunikasyon, kinikilala ng mga mag-aaral ang wikang Filipino bilang isang bahagi ng kanilang pagkatao at pagka-Pilipino.

Talahanayan 1

Pananaw ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino
(n= 180)

| **Mga Konstruksyon** | **M** | **SD** | **Mga Marka** |
|---|---|---|---|
| Kahalagahan ng wikang Filipino sa kasaysayan | 4.04 | 0.75 | Mahusay |
| Pamamahagi ng kultura at tradisyon | 3.92 | 0.81 | Mahusay |
| Paggamit ng wika sa sining at panitikan | 3.98 | 0.79 | Mahusay |
| Pambansang pagkakakilanlan | 4.02 | 0.78 | Mahusay |
| Kahalagahan sa komunikasyon at ugnayan sa kapwa | 3.95 | 0.77 | Mahusay |
| Kahalagahan sa pambansang kaunlaran | 4.16 | 0.75 | Mahusay |
| **Kabuuan** | **4.01** | **0.63** | **Mahusay** |

*Note: 4.51 – 5.00 (Lubos na Mahusay); 3.51 – 4.50 (Mahusay); 2.51 – 3.50 (Katanggap-tanggap); 1.51 – 2.50 (Di-Gaanong Mahusay); 1.00 – 1.50 (Hindi Mahusay)*

**Antas ng Pambansang Identidad ng mga Mag-Aaral**

Sa Talahanayan 2, ipinakita ang kabuuang antas ng pambansang idenidad ng mga mag-aaral (M= 4.09; SD=0.50). Ang walong baryabol ay may mataas na antas : Kaalaman Sa Kasanayan Ng Bansa (M=4.14; SD=0.63); Pakikilahok Sa Kultura At Tradisyon (M=4.11; SD=0.62), Pagpapahalaga Sa Sining At Panitikan (M=4.12; SD=0.6); Pakikilahok Sa Pamayanan At Pagiging Responsible sa Bansa (M=4.12; SD=0.64); Kasanayan At Paggamit Ng Wika (M=4.01; SD=0.67); Mga Halaga, Etika Ng Patriyotismo (M= 4.16; SD=0.65); Pagsusuri Sa Mga Hamon At Aspirasyon Ng Bansa (M=4.04; SD=0.63); Wikang Filipino Gamit Sa Pagdebelop ng Pambansang Identidad (M= 4.06; SD=0.61).

Ipinakita sa resulta na ang pambansang identidad ng mga mag-aaral ay nasa mataas na antas. Pinakamataas ang pagpapahalaga sa mga **halaga at etika ng patriyotismo,** na sumasalamin sa kanilang malalim na pagmamahal at katapatan sa bansa. Gayundin, malinaw ang mataas na antas sa **kaalaman sa kasanayan ng bansa, pagpapahalaga sa sining at panitikan, at pakikilahok sa pamayanan,** na nagpapakita ng pagkilala sa kahalagahan ng kultura at aktibong pakikilahok sa lipunan. Nananatiling nasa mataas na antas **kasanayan at paggamit ng wika,** na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng higit pang pagpapaigting sa aspektong ito. Sa kabuuan, pinatutunayan ng resulta na ang mga mag-aaral ay may matatag na pambansang identidad na nakaugat sa wika, kultura, at mga pagpapahalagang makabayan.

Ang pambansang identidad ay sumasalamin sa pagkilala ng isang indibidwal sa kanyang lahi, kultura, wika, at pananagutan sa lipunan. Ipinapakita nina De Leon et al. (2022) na may ugnayan ang damdaming makabayan sa positibong pananaw ng mga mag-

aaral sa kasaysayan. Habang binanggit nina Burgos et al. (2023) na ang lumalalim na paggamit ng Ingles ay nagdudulot ng hamon sa pagpapanatili ng kultural na identidad. Bagama't kinikilala ng kabataan ang halaga ng wikang Filipino, hindi ito laging aktibong ginagamit sa akademikong konteksto. Dagdag pa rito, sinang-ayunan nina Rivas-Drake et al. (2020), ang pagpapalaganap ng kaalaman sa kultura ay isang prosesong nakaugat sa pamilya na nakaaapekto sa pagkatao ng kabataan. Binanggit nina Fox at Miller-Idriss (2021), ang pambansang identidad ay nananatiling dinamiko at naiimpluwensyahan ng kasaysayan, politika, at kolektibong karanasan ng mamamayan.

Ang implikasyon sa antas ng pambansang identidad ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong larawan ng kanilang kamalayan, partisipasyon, at pagpapahalaga sa pagiging Pilipino. Ang pananliksik ay nagpapahiwatig na ang kabataang Pilipino ay may malusog na pagtingin sa kanilang lahi at kultura, ngunit nangangailangan ng mas sistematikong pagsuporta upang mapanatili at mapaunlad ito. Ang mga paaralan, pamahalaan, at pamilya ay may mahalagang papel upang siguruhing ang mga pagpapahalagang makabansa ay hindi lamang naituturo, kundi naisasabuhay sa konteksto ng makabago at global na pamumuhay

Talahanayan 2

Antas ng Pambansang Identidad ng mga Mag-aaral
(n= 180)

| Mga Konstruksyon | M | SD | Mga Marka |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Kasanayan ng Bansa | 4.14 | 0.63 | Mahusay |
| Pakikilahok sa Kultura at Tradisyon | 4.11 | 0.62 | Mahusay |
